Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG SORSOGON

May 16, 2022

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 078, s. 2022**

**WEBINAR SA KORESPONDENSIYA OPISYAL AT ORTOGRAPIYANG PAMBANSA PARA SA MGA KAWANI NG SANGAY**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Superbisor ng SGOD at CID
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro
sa Antas Elementarya
Guro sa Filipino

1. Ang Sangay ng Implementasyon ng Kurikulum ng Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon-Rehiyon 5 at sa Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng ***Webinar sa Korespondensiya Opisyal at Ortograpiyang Pambansa para sa mga Kawani ng Sangay*** sa Mayo 24-25, 2022 sa ganap na ika-8:00nh hanggang ika-12:00nt sa *zoom* app. Ang link ng nabanggit na gawain ay ipapadala na lamang sa pamamagitan ng tagamasid pansangay sa Filipino. Ang registration link sa gawain ay https://forms.gle/aRFAnWJCYVA1AUqM7.

2. Pangunahing layunin ng webinar na mabigyan ng pagsasanay ang mga kawani upang magamit ang wikang Filipino sa serbisyo publiko. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod: (a) mabigyang kaalaman ang mga kalahok sa mga tuntuning pangwika sa korespondensiya opisyal at ortograpiyang pambansa; (b) natatalakay ang kahalagahan ng korespondensiya opisyal at ortograpiyang pambansa na maaaring maging gabay sa pag-eedit at pagsasalin tungo sa intelektwalisasyon ng wika; at, (c) napalalakas ang ugnayan at network ng kawani tungo sa maayos at nagkakaisang pagtugon sa mga isyu at suliraning pangwika at pagpapaunlad ng Filipino.

3. Inaasahang dadalo ang mga *function heads* at kanyang kaagapay na kawani; mga inaasahang kawaning miyembro ng Lupon sa Wikang Filipino; mga tagamasid pansangay (EPS); mga PSDS; at, ang punong-guro at non-teaching staff

mula sa: Pambansang Mataas na Paaralang Komprehensibo ng Donsol, Pambansang Mataas na Paaralan ng Gallanosa, Mataas na Paaralang Bokasyonal ng Donsol, at ang Paaralang Sentral ng Kanlurang Donsol.

4. Kalakip ang programa ng gawain; listahan ng mga kalahok; ang Atas Tagapagpaganap sa Lupon ng Wikang Filipino ng Sangay ng Sorsogon; at listahan ng lupon ng teknikal sa nabanggit na gawain.

5. Itinatagubilin sa mga kalahok na sumunod sa tuntuning pangkalusugan at kaligtasan na itinakda ng Inter-Agency Task Force – Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) sa pagdalo, paglahok at pagsasagawa ng gawain.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

(LINK NG PRE-TEST: http://forms.gle/SrbYVCiEx52oFBkR7
http://forms.gle/qNb9RFa4CbCXJZJi7)

**JOSE L. DONCILLO, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Sorsogon Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2015
CIP 5461/21/05/1163

## WEBINAR SA KORESPONDENSIYA OPISYAL AT ORTOGRAPIYANG FILIPINO ORTOGRAPIYANG PAMBANSA PARA SA MGA KAWANI NG SANGAY
## 24-25 Mayo 2022

Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

| PETSA | MGA KALAHOK | Bilang |
|---|---|---|
| **Mayo 24-25, 2022** 8:00nu-12:00nh | Office of the Schools Division Superintendent | 2 |
| | Office of the Assistant Schools Division Superintendent | 2 |
| | Office of the AO for Administration | 2 |
| | CID | 22 |
| | SGOD | 10 |
| | Accounting Section | 2 |
| | Budget Section | 2 |
| | Cash Section | 2 |
| | Personnel Section | 2 |
| | Planning and Research Section | 2 |
| | Property and Supply Section | 2 |
| | Records Section | 2 |
| | Commission on Audit | 2 |
| | Communications, Publications and Special Events Office | 2 |
| | HRDS | 2 |
| | Education Facilities Section | 2 |
| | Health and Nutrition Section | 2 |
| | Legal Unit | 2 |
| | Human Resource Development Section | 2 |
| | ICT Unit | 2 |
| | PSDS/OIC PSDS | 35 |
| | Donsol National Comprehensive HS | 31 |
| | Gallanosa NHS | 20 |
| | Donsol Vocational HS | 17 |
| | Donsol West CS | 21 |
| **Kabuoan** | | 192 |

Sorsogon Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2015
CIP 5461/21/05/1163

Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
REHIYON V (BICOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG SORSOGON

**ATAS PANTANGGAPAN BLG. 001**

PARA SA :
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay sa Pamamahala at mga Operasyon sa Paaralan
Puno ng Iba't Ibang Tanggapan
Mga Kawani ng SDO Sorsogon

MULA KAY: **JOSE L. DONCILLO, CESO V**
Tagapamanihala

PAKSA: **LUPON SA WIKANG FILIPINO**

PETSA: Abril 22, 2022

Ito ay kaugnay ng kahilingan ng **Komisyon sa Wikang Filipino** na bumuo ang Sangay ng Sorsogon ng **Lupon sa Wikang Filipino** alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335. Ito ang nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/kawanihan/opisina/ahensya/instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para layuning magamit ang Filipino sa opisyal na mga transaksyon, komunikasyon at korespondensiya.

Upang matiyak sa pagpapatupad ng hangarin ng Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335, itinatalaga sa Lupon sa Wikang Filipino ang mga sumusunod:

**Tagapangulo:** **BERNIE C. DESPABILADERO, EdD**
Kawaksing Tagapamanihala

**Mga Kasapi:**

**GINA Q. TAROG, PhD**
Punong Tagamasid Pang-Edukasyon
Sangay sa Implementasyon ng Kurikulum

Sorsogon Sports Complex, Balogo, Lungsod Sorsogon, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2015
CIP 5461/21/05/1163

**FLORENCE F. BERMUNDO**
Punong Tagamasid sa Edukasyon
Sangay sa Pamumuno at Operasyon ng Pampaaralan

**REX T. BARBIN**
Tagamasid sa Programang Pang-edukasyon
Sangay sa Pamamahala at Kalakarang Pampaaralan

**BELARDO G. HADAP JR, MD**
Medical Officer III (Seksiyon ng Kalusugan at Nutrisyon)

**VALENTINA E. HUGO**
Opisyal Pampangasiwaan V (Opisyal ng Badyet)

**JOMAR E. ENGUERRA**
Opisyal Pampangasiwaan V (Seksiyon ng Pangangasiwa)

**PAUL ANDY D. DEBLOIS**
Akawntant III

**NOEL B. EVANS**
Attorney III (Yunit ng Legal)

**ESPERANZA G. ESPIGOL**
Opisyal sa Pagpaplano III

**RICA D. ESPIGOL**
Opisyal Pampangasiwaan IV (Seksiyon ng Cash)

**ALBERT C. PEREZ**
Opisyal Pampangasiwaan IV
(Seksiyon ng Ari-arian at Panustos)

**GIDEON KARL L. GREFALDA**
Opisyal Pampangasiwaan IV
(Seksiyon ng mga Kawani)

**Sekretaryat:**

**EDUARDO H. DURAN**
Opisyal Pampangasiwaan IV
(Seksiyon ng Sinupan)

**BERNADETTE R. BEDIS**
Senior na Espesyalista sa Programang Pang-Edukasyon
(HRTD)

**ABRAHAM H. GREGORY**
Senior na Espesyalista sa Programang Pang-Edukasyon (SOCMOBNET)

**JOHN REY J. PEREZ**
Yunit ng ICT

**JOHNY J. SO**
Espesyalista sa Programang Pang-edukasyon sa ALS

**Kasangguni:** **SHARON A. VITO**
Tagamasid sa Programang Pang-edukasyon - FIlipino

---

Ipinababatid rin na nakatala sa ibaba ang pangkalahatang responsibilidad ng mga kasapi:

1. Bumuo ng mga patakaran o proyekto hinggil sa pagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa mga transaksiyon at korespondensiya;
2. Magsagawa ng mga proyekto o gawain na gumagamit ng wikang Filipino; at
3. Makipag-ugnayan sa KWF.

Bilang karagdagan, ang mga mungkahing gawain ng lupon kaugnay na atas na ito ay mga sumusunod:

1. Isa-Filipino ang ulong sulat o letterhead;
2. Ipaskil ang Filipino bersiyon ng misyon at bisyon.
3. Isalin sa Filipino ang Gabay sa Mamamayan (Citizen's Charter);
4. Isa-Filipino ang ilang proseso at karatula na maggagabay sa mga kliyente;
5. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kliyente na nakasulat sa Filipino
6. Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kawani na nakasulat sa Filipino;
7. Simulang gumamit ng Filipino sa mga korespondensiya, katulad ng liham, Memorandum, at iba pa;
8. Isa-Filipino ang mga pabatid, poster, brochure, at mga katulad na materyales;
9. Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng mga tanggapan at mga sangay; at
10. Makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika

Samantala, ang anumang gastusin kaugnay sa implementasyon ng programang ito ay masisingil sa opisina alinsunod sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

Para po sa inyong kaalaman, patnubay at pagtalima.